

Nobyembre 13, 2020

Kautusang Tagapagpaganap 2020-72

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BILANG TUGON SA COVID-19
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 68)

SAPAGKAT, ang Coronavirus 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois at nagpapatuloy na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa tumataas na kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay maaaring kumalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmision sa respirasyon, ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpasa ng birus, at sa kasalukuyan ay wala itong epektibong paggamot at bakuna; at,

SAPAGKAT, para sa pagpapanatili ng kalusugan at kaligtasan ng publiko sa buong Estado ng Illinois, at upang matiyak na ang aming sistema ng paghahatid ng pangangalaga ng kalusugan ay may kakayahang maglingkod sa mga may sakit, nalaman kong kinakailangan na gumawa ng karagdagang mga hakbang na naaayon sa patnubay sa kalusugan ng publiko upang mabagal at mapigil ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay nagresulta sa makabuluhang epekto sa ekonomiya, kasama na ang pagkawala ng kita at sahod, na nagbabanta upang mapahina ang seguridad sa pananalapi ng maraming mga taga-Illinois; at,

SAPAGKAT, ang mga aksyon sa pagpapaalis sa tirahan ay pinamamahalaan ng Artikulo IX ng Code of Civil Procedure, 735 ILCS 5/9-101 *et seq.*; at,

SAPAGKAT, sa gitna ng nagpapatuloy na krisis sa pampublikong kalusugan, ang mga pagpapaalis sa tirahan ay salungat sa interes na mapanatili ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga indibidwal ay mananatili sa kanilang mga tahanan hangga't maaari; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi naninirahan sa iisang sambahayan ay kritikal upang mabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang access sa pabahay ay nakakatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sapagkat ang mga indibidwal na may pabahay ay maaaring mabawasan ang pisikal na pakikipag-ugnay sa mga nasa labas ng kanilang mga sambahayan; at,

SAPAGKAT, ang pansamantalang paghinto ng mga paglilitis sa pagpapalayas ay iniwasan ang maraming mga pakikipag-ugnayan na nauugnay sa pagpapaalis, kasama ang mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas, tauhan ng korte, mga kasero, mga tagalipat, at mga kaibigan at pamilya na dapat sumasang-ayon na magbigay ng pansamantalang pabahay, pati na rin, para sa mga pinilit na mawalan ng tirahan, ang mga pakikipag-ugnayang nauugnay sa paghahanap at pagtira sa isang kanlungan; at,

SAPAGKAT, pinipigilan ang pagkalat sa pamamagitan ng pansamantalang pagpapahinto ng mga paglilitis sa pagpapataliks kung gayon pinipigilan din ang pagkalat ng COVID-19 sa mas malawak na pamayanan; at,

SAPAGKAT, noong Marso 20, 2020, inisyu ko ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-10, kung saan iniutos ko sa lahat ng mga opisyal ng nagpapatupad ng batas ng estado, probinsiya, at lokal na tumigil sa pagpapatupad ng mga utos ng pagpapalayas para sa mga tirahang pag-aari; at,

SAPAGKAT, noong Abril 23, 2020, inisyu ko ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-30, sa bahagi, sapagkat ang nagpapatuloy na emerhensiya sa pampublikong kalusugan ay nangangailangan ng karagdagang aksyon upang maiwasan ang pagsisimula ng mga paglilitis sa pagpapaalis sa tirahan; at,

SAPAGKAT, noong Abril 30, 2020, inisyu ko ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-33, na sinusugan ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-30, upang ipagpatuloy ang pagbabawal sa pagpapatupad ng mga aksyon sa pagpapaalis sa tirahan; at,

SAPAGKAT, ang mga pagbabawal sa pagsisimula ng mga pagkilos sa pagpapaalis sa tirahan at pagpapatupad ng mga utos ng pagpapaalis sa tirahan sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-33 ay pinalawig ng mga kasunod na Kautusang Tagapagpaganap; at,

SAPAGKAT, noong Nobyembre 13, 2020, bilang pagsasaalang-alang sa patuloy, at, sa katunayan, ay dumaraming pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko na ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, ang mga bagong kaso ng COVID-19 sa Estado ay tumaas sa mga nakaraang mga linggo, at ang birus ay patuloy na nakakaapekto sa libu-libong mga indibidwal at inaangkin ang buhay ng napakaraming mga taga-Illinois bawat araw; at,

SAPAGKAT, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at ng Estado ay nakabuo ng isang plano ng pagpapagaan upang magpalabas ng mga karagdagang pag-iingat kapag ang mga rehiyon ay makamit ang mga tiyak na antas ng peligro; at,

SAPAGKAT, simula Nobyembre 13, 2020, ang lahat ng mga rehiyon ng Estado ay sinimulan ang mga karagdagang estratehiya sa pagpapagaan; at,

SAPAGKAT, habang ang pag-iingat na ginawa ng mga taga-Illinois ay dating nagpabalag sa pagdami ng mga kaso ng COVID-19 at pagkamatay sa Estado, ang bilang ng mga kaso sa Estado ay muling dumadami nang mabilis; at,

SAPAGKAT, kinikilala ang patuloy na pangangailangan para sa aksyon upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay nagpapalawak ng pagbabawal sa pagsisimula at pagpapatupad ng mga pagpapalayas na may karagdagang mga pag-iingat na inilaan upang balansehin ang mga karapatan ng mga nangungupahan at panginoong maylupa sa buong Estado;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(8), 7(10), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng mga kapangyarihan sa mga batas sa pampublikong kalusugan ng Estado, inuutos ko ang mga sumusunod, simula Nobyembre 13, 2020:

Seksyon 1. Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang mga sumusunod na termino ay tinukoy bilang nakalagay sa ibaba:

- (a) Ang “Sakop na Tao” ay nangangahulugang sinumang nangungupahan, umuupa, pangalawang umuupa, o residente ng isang pantahanang ari-arian na nagbibigay sa kanilang panginoong maylupa, ang may-ari ng pantahanang ari-arian, o ibang tao o nilalang na may ligal na karapatang magpatuloy sa isang pagpapataliks o aksyon na pagmamay-ari, ang Deklarasyon sa ilalim ng parusa ng pagbubulaan na nagpapahiwatig na:

1. ang indibidwal ay alinman sa (i) inaasahan na kumita ng hindi hihigit sa \$99,000 sa taunang kita para sa Taon ng Kalendaryo 2020 (o hindi hihigit sa \$198,000 kung maghain ng isang pinagsamang pagbabalik ng buwis), (ii) ay hindi kinakailangan upang mag-ulat ng anumang kita sa 2019 sa U.S. Internal Revenue Service, o (iii) nakatanggap ng isang Pagbabayad sa Epekto ng Pangkabuhayan alinsunod sa Seksyon 2001 ng CARES Act;
 2. ang indibidwal ay hindi makagawa ng buong pag-upa o bayad sa pabahay dahil sa isang paghihirap na may kaugnayan sa COVID-19 kasama ang, ngunit hindi limitado sa, malaking pagkawala ng kita, pagkawala ng mababayaran na oras ng trabaho o sahod, o isang pagtaas ng mga gastos na labas sa bulsa na direktang nauugnay sa pandemya ng COVID-19;
 3. ang indibidwal ay gumagamit ng pinakamahuhusay na pagsisikap na gumawa ng napapanahong bahayang mga pagbabayad na malapit sa buong kabayaran na maaaring pahintulutan ng mga pangyayari sa indibidwal, isinasaalang-alang ang iba pang Mga Kasunduan ng Hindi Pagpapahayag; at,
 4. ang pagpapalayas ay maaaring magdulot sa indibidwal na mawalan ng tirahan—o pipilitin ang indibidwal na lumipat at manirahan sa malapit na tirahan sa isang bagong pagtitipon o pagbabahagi ng pamumuhay—sapagkat ang indibidwal ay walang ibang magagamit na mga pagpipilian sa pabahay.
- (b) Ang “Pagdeklara” ay nangangahulugang ang form ng pagdeklara ay magagamit ng Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Pabahay ng Illinois (o isang katulad na deklarasyon sa ilalim ng parusa ng pagbubulaan) na ang mga nangungupahan, nagpapaupa, mga pangalawang umuupa, o mga residente ng mga pantahanang ari-arian na sakop ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring gamitin upang tawagin ang mga proteksyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito. Ang bawat panginoong maylupa, may-ari ng isang pantahanang ari-arian, o ibang tao o nilalang na may ligal na karapatan na ituloy ang isang pagpapataksik o aksyon ng pagmamay-ari ay dapat magbigay sa bawat nangungupahan, umuupa, pangalawang umuupa, at residente ng isang “Pagdeklara” bago ang pagsisimula ng anumang pagpapataksik sa tirahan kasama ang, ngunit hindi limitado sa, bago ang paglalabas ng isang abiso ng pagwawakas ng pag-upa.
- (c) Kasama sa “Mga Kasunduan ng Hindi Pagpapahayag” ngunit hindi limitado sa, pagkain, mga kagamitan, pag-access sa telepono at internet, mga gamit sa paaralan, damit na pang-lamig, gastos sa medikal, pangangalaga sa bata, at mga gastos sa transportasyon, kabilang ang mga pagbabayad sa kotse at seguro.

Seksyon 2. Ang isang tao o nilalang ay hindi maaaring magsimula ng isang aksyon sa pagpapaalis sa tirahan alinsunod sa o lumilitaw sa ilalim ng 735 ILCS 5/9-101 *et seq.* laban sa isang Sakop na Tao maliban kung ang taong iyon ay nagdudulot ng direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng ibang mga nangungupahan o isang agaran at matinding peligro sa pag-aari.

Seksyon 3. Ang lahat ng mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas sa estado, probinsya, at lokal sa Estado ng Illinois ay inutusan na itigil ang pagpapatupad ng mga utos ng pagpapalayas sa mga residensyal na tirahan, maliban kung ang nangungupahan, umuupa, pangalawang umuupa, o residente ng pantahanang ari-arian ay natagpuan na nagdudulot ng direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng iba pang mga nangungupahan, o isang agaran at malubhang peligro sa pag-aari.

Seksyon 4. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang maaaring ipakahulugan bilang pag-alis sa obligasyon ng sinumang indibidwal na magbayad ng upa, o sumunod sa anumang iba pang obligasyon na maaaring mayroon ang indibidwal alinsunod sa pag-upa o kasunduan sa pag-upa.

Seksyon 5. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring matapos.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Nobyembre 13, 2020
Isinalin ng Kalihim ng Estado Nobyembre 13, 2020